Republic of the Philippines
**Department of Education**
DIVISION OF OCCIDENTAL MINDORO

DEPED OCCIDENTAL MINDORO
RELEASED
DATE: AUG 08 2022
DIVISION OF OCC. MINDORO

**Office of the Schools Division Superintendent**

Hulyo 29, 2022

**MEMORANDUM**
**Blg. 303, s. 2022**

**PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2022**

**Sa mga:** **Punong Superbisor sa Edukasyon - Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum**
**Punong Superbisor sa Edukasyon - Sangay sa Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan**
**Superbisor sa Programang Edukasyon**
**Pandistritong Superbisor sa mga Pampublikong Paaralan**
**Punong guro, Ulong guro at Gurong Namamahala ng mga Pampribado at Pampublikong Paaralang Elementarya at Sekundarya**
**At sa lahat ng Kinauukulan**

1. Alinsunod sa itinakdang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997, na nagpapahayag ng taunang pagdiriwang ng **Buwan ng Wika Pambansa** tuwing Agosto 1 – 31, ang Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Occidental Mindoro sa pamamagitan ng Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum (CID) ay bumuo ng plano ng mga gawain sa pandibisyong pagdiriwang ng **Buwan ng Wikang Pambansa 2022**. Alinsunod pa rin sa Kapasyahan ng Kalupunan ng KWF Blg. 8-6 Serye 2022, ang tema ng pagdiriwang ay ***"Filipino at Mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Paglikha at Pagtuklas"***.

2. Layunin ng gawaing ito na:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041;
   b. maiangat ang kamalayan ng mga mámamayáng Pilipino ukol sa wika at kasaysayan nitó;
   c. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampámahalaán at pampribado na makiisá sa mga programang tulad nitó na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko;
   d. maganyak ang mga mámamayáng Pilipino na pahalagahan ang mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng aktibong pakikilahok sa mga gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa; at
   e. maipakilala sa mga mámamayáng Pilipino ang KWF bílang ahensiya ng pámahalaán na nangangalaga sa mga wika ng Pilipinas sa pamamagitan ng mga programang pangwika nitó.

3. Hinati sa limang (5) lingguhang tema ang isang buwang pagdiriwang:

| Petsa | Tema |
|---|---|
| Unang Linggo<br>***1–7 Agosto, 2022*** | Ang mga Wikang Katutubo sa Paglinang ng Kulturang Pangkalikasan |
| Ika-2 Linggo<br>***8–14 Agosto 2022*** | Wika ng Tahanan, Komunidad, at Paaralan: Kaugalian at Motibasyon sa Pagpapataas ng Kalidad ng Edukasyon |
| Ika-3 Linggo<br>***15–21 Agosto 2022*** | Wikang Filipino: Daluyan ng Karunungan at Kakayahan |
| Ika-4 na Linggo<br>***22–28 Agosto 2022*** | Multidisiplinaryo at Interdisiplinaryong Lapit sa Pagbubuo at Pagpapatibay ng Nasyonalismong Kultural |
| Ika-5 Linggo<br>***29–31 Agosto 2022*** | Paunang Sípat sa Dokumentasyong Dihital sa Preserbasyon ng mga Pamanang Kultural |

4. Inaasahang maisasakatuparan sa loob ng isang buwang pagdiriwang ang mga sumusunod na gawain:
   a. **Agosto 1, 2022** – Pagsasagawa ng Pambukas na Palatuntunan sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika (Harapan, Birtwal) - Simpleng Palatuntunan - Bawal ang Magarbong Pagdiriwang - Isabay na ito sa Pagtataas ng Bandila sa Lunes, Agosto 1, 2022 (Dibisyon, Distrito o Pampaaralan) - (Maaaring Birtwal o Harapang Pambukas na Palatuntunan)
   b. **Agosto 2 – 31, 2022** - Pagsasagawa ng mga Pampaaralang Gawain bilang bahagi ng pagdiriwang ng Buwan ng Wika (Tuon sa Lingguhang Tema) ***(Dahil walang guro at estudyante sa mga paaralan ngayon, maaari itong isagawa sa pagbubukas ng klase hanggang Agosto 31, 2022).***

      **PAALALA: Walang magaganap na magarbong pagdiriwang. Iintegrate sa klase sa Filipino ang pagpapahalaga sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika na nakatuon sa Pangkalahatan at Lingguhang Tema.**

   c. **Agosto 25, 2022 -** Pandibisyong Pampinid na Palatuntunan – Bulwagan ng SDO
   d. **Agosto 25, 2022 -** Pampaaralang Pampinid na Palatuntunan – Simpleng programa pagkatapos ng pagtataas ng bandila.

      **PAALALA: Iwasang may maaabalang klase.**

e. **Agosto 26, 2022 (Tentataibo)** - Pandibisyong Birtwal na Paligsahan sa Iispel Mo!

f. **Agosto 31 – Setyembre 5, 2021** - Pagsusumite ng mga Kinakailangang Ulat ng natapos na pagdiriwang ng Buwan ng Wika 2022 (Pasalaysay na Ulat na may lakip na larawan) (Maaaring Video, e-copy (Word format at hindi PDF) o Hard Copy). Maaaring isumite ang Pasalaysay na ulat sa email ad na: cid.eduardo.ellarma01@deped.gov.ph

5. Kalakip ng memorandum na ito ang mungkahing padron ng daloy ng palatuntunan para sa isasagawang pandibisyon at pampaaralang pampinid na palatuntunan na magsisilbing gabay ng lahat para sa pagdiriwang.

6. Hinihiling ang madalian, malawakang pagpapalaganap at pagsunod sa nilalaman ng Memorandum na ito.

**LYNN G. MENDOZA**
Nanunungkulang Pinuno
Tanggapan ng Tagapamanihalang
Pansangay ng mga Paaralan

**Kalakip:** **Gaya ng nasasaad**

Sanggunian: Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041, s. 1997
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa Ilalim ng mga sumusunod na paksa:

CELEBRATIONS AND FESTIVALS CONTESTS CURRICULUM
LEARNING AREA, FILIPINO STUDENTS

000303

Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Blg. ____, s. 2022

**DALOY NG PANDIBISYONG PAMPINID NA PALATUNTUNAN**

I. Pambansang Awit
2. Panalangin
3. MIMAROPA March
4. Occidental Mindoro March
5. Panonood ng Video Tungkol sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika
6. Mensahe
   - Punong Superbisor, Sangay sa Pagpapatupad ng Kurikulum
   - Punong Superbisor, Sangay sa Pamamahala at Operasyon ng mga Paaralan
   - Tagapamanihala ng mga Paaralan
   - Kawaksing Tagapamanihala ng mga Paaralan
7. Mensahe ng Pasasalamat - Superbisor sa Programang Edukasyon

**DALOY NG PAMPAARALANG PAMPINID NA PALATUNTUNAN**

I. Pambansang Awit
2. Panalangin
3. MIMAROPA March
4. Occidental Mindoro March
5. Panonood ng Video Tungkol sa Pagdiriwang ng Buwan ng Wika
6. Mensahe
   - Pampaaralang Tagapag-ugnay/Ulong-guro sa Filipino
     - Pampasiglang Bilang - Awiting Makabayan
   - Punong-guro/Ulong-guro/Gurong Namamahala
     - Pampasiglang Bilang - Tula
   - Pandistritong Superbisor
7. Mensahe ng Pasasalamat - Pampaaralang Tagapag-ugnay/ Ulong-guro sa Filipino